

PSPS na Pagsubaybay sa Lagay ng Panahon

TAGAPAGSALAYSAY: Patuloy naming binabago ang aming Programang Kaligtasan ng Komunidad sa Sunog (Community Wildfire Safety Program) upang mapalakas at mapagbuti ang aming sistema sa elektrisidad para sa kaligtasan ng aming mga kostumer at mga komunidad. Ang malalakas na hangin ay maaaring maging sanhi ng pagdikit ng mga sanga ng puno at mga pira-pirasong bagay sa mga kawad ng kuryente, makakapinsala sa aming kagamitan at magsasanhi ng sunog. Bilang resulta, maaaring kailanganin naming patayin ang kuryente sa kaganapan ng matinding lagay ng panahon upang makatulong sa pagpigil ng mga sunog, tinatawag itong Pagpatay ng Kuryente para sa Pamublikong Kaligtasan (Public Safety Power Shutoff). Para sa kaligtasan ng aming mga kostumer at komunidad, ang Pagpatay ng Kuryente para sa Pamublikong Kaligtasan (Public Safety Power Shutoff) ay patuloy na kinakailangan na kasangkapan bilang panghuling paraan. Gayunpaman, alam namin na nakakagambala ang pagkawala ng kuryente, kaya nakikinig kami sa aming mga kostumer at humahanap ng mga paraan para mabawasan ang matitinding epekto ng mga kaganapan ng Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoffs, PSPS) nang hindi nakokompromiso ang kaligtasan. Ang PG&E ay may pangkat ng mga bihasang meteorologist na patuloy na sumusubaybay sa lagay ng panahon para sa mga isyu na maaaring makaapekto sa sistema ng kuryente. Kabilang dito ang pagsubaybay sa mga matinding temperatura, bagyo, at masamang lagay ng panahon na maaaring kabilangan ng panganib ng sunog. Sinisimulan namin ang mga kaganapan ng Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoff) kapag napakalubha ang taya ng lagay ng panahon na maaaring nasa panganib ng sunog ang kaligtasan, buhay, tahanan at negosyo ng mga tao. Dahil natatangi ang bawat sitwasyon sa lagay ng panahon, maingat naming sinusuri ang kumbinasyon ng mga salik kapag nagpapasya kung dapat patayin ang kuryente. Ang mga pamantayang ito sa pangkalahatan ay kinabibilangan ng mga mababang antas ng kahalumigmigan, sa pangkalahatan ay 30% at mas mababa, pagtataya ng malalakas na hangin, lalo na ang matatagal na hangin na higit sa 19 milya bawat oras at mga pagbugso ng hangin na higit sa 30-40 milya bawat oras, na kadalasang nangyayari sa matatagal na hangin na 19 milya bawat oras, kundisyon ng tuyong materyales sa lupa at mababang moisture content ng mga halaman, babala na pulang bandila na idineklara ng Pambansang Serbisyo sa Lagay ng Panahon (National Weather Service), mga real-time na obserbasyon mula sa aming Sentro ng Operasyon sa Kaligtasan sa Sunog (Wildfire Safety Operation Center) at mga tauhan na nagtatrabaho sa buong sineserbisyuhang teritoryo. Isinasaalang-alang din ng aming proseso sa paggawa ng desisyon ang pagkakaroon ng mga punong sapat ang taas upang matamaan ang mga linya ng kuryente kapag tinutukoy kung kinakailangan ang kaganapan ng Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoff). Ang hanay ng mga pamantayang ito ay isang unang hakbang na maaaring humantong sa karagdagang pagsusuri mula sa aming pangkat ng meteorology upang matukoy kung kinakailangan ang kaganapan ng Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoff). Upang matukoy kung paano pinakamahusay na maiiwasan at makakatugon sa mga sunog, sinusuri at ginagamit namin ang mga bagong kasangkapan at teknolohiya. Ginagamit namin ang pinahusay na pagmomodelo ng panganib upang mas mabigyang-prayoridad ang aming mga pagsisikap para sa kaligtasan sa sunog at maituon ang mga pagsisikap sa pag-iwas sa mga lugar at komunidad na may pinakamataas na panganib. Ang abanteng modelo ng panganib sa sunog ay nagbibigay-daan sa amin na mas tumpak na matukoy ang mga lugar kung saan dapat naming ituon ang aming pagpapatibay ng sistema at mga pagsisikap na mabawasan ang panganib ng sunog. Nag-i-install din kami ng mga karagdagang istasyon ng lagay ng panahon at mga high definition na kamera upang mapabuti ang pagtataya sa matinding lagay ng panahon. Sa pagtatapos ng 2021, plano naming magkaroon sa kabuuan ng 1,300 na istasyon ng lagay ng panahon, sa buong teritoryo na aming sineserbisyuhan, upang matulungan kaming mahulaan at matugunan ang mga malalang banta ng panahon para sa kaligtasan ng

kostumer. Sa pagtatapos ng 2022, plano naming magkaroon ng 600 sa kabuuan na high definition na kamera sa teritoryo na aming sineserbisyuhan upang makatulong na pahasayin ang aming kakayahang tumugon nang maagap sa mga malalang banta ng panahon. Ang PG&E ay may nakalaang website na may datos ng buong araw na naka-stream sa real time mula sa aming network ng mga abanteng istasyon ng lagay ng panahon. Kasama rin sa website ang pitong araw na pagtataya para sa masamang lagay ng panahon na maaaring magdulot ng Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoff). Bisitahin ang pge.com/weather upang makita ang mga istasyon ng lagay ng panahon sa iyong lugar. Hinihikayat din ng PG&E ang aming mga kostumer na pumunta sa Sentro ng Pagkilos na Pangkaligtasan (Safety Action Center) para malaman ang mahalagang impormasyon tungkol sa mga panganib ng sunog at kung ano ang magagawa at dapat gawin ng mga kostumer para mapanatiling ligtas ang kanilang tahanan, pamilya o negosyo. Para sa pinakabago sa mga pagsisikap ng PG&E sa kaligtasan mula sa sunog at ang mga paraan na pagpapahusay sa mga Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoffs), bisitahin ang pge.com/psps.